DEC 07 2023

**MEMORANDUM**

FOR : The Regional Executive Director
MIMAROPA Region
1515 By the Bay Building, Roxas Boulevard
Barangay 668, Ermita, Manila

THRU : The ARD, Technical Services

FROM : The OIC, PENR Officer

SUBJECT : PAMB RESOLUTION REGARDING THE REQUEST OF THE DEPARTMENT OF PUBLIC WPRKS AND HIGHWAYS(DPWH) ON THEIR CY2023 PROJECT IMPLEMENTATION 23EB0097 – CONSTRUCTION OF 1STRY 2CL, NAYONG KALIKASAN ELEMENTARY SCHOOL, BRGY. POYPOY, CALINTAAN, OCCIDENTAL MINDORO

Respectfully forwarded is the Memorandum dated November 28, 2023 of the Protected Area Superintendent, Mts. Iglit-Baco Natural Park, San Jose, Occidental Mindoro relative to the above-mentioned subject with a title **Kapasyahan Blg. 2023-13,Serye 2023** "*Kapasyahang nagbibigay ng pagsang-ayon sa pagpapatayo ng 1STY 2CL, sa Nayong Kalikasan Elementary School, sa implementasyon ng DPWH at pagbibigay karapatan sa CENRO San Jose sa pagbibigay ng cutting permit para sa apat (4) na punong maaapektuhan ng papapatayo ng gusali*".

Attached is a part of the minutes during the discussion on the presentation of the DPWH's project.

For your information, evaluation and approval.

**ERNESTO E. TAÑADA**

TSD-CDS12/05/2023

November 28, 2023

**MEMORANDUM**

FOR : The Regional Executive Director
DENR MIMAROPA Region
1515 L&S Bldg., Roxas Blvd., Ermita, Manila

THRU : The PENR Officer
Mamburao, Occidental Mindoro

FROM : The Protected Area Superintendent
Mts. Iglit-Baco Natural Park
San Jose, Occidental Mindoro

TSD
RECEIVED BY:
DATE: 12-01-23 TIME: 3:00 pm
RELEASED BY:
DATE: TIME:

SUBJECT : **PAMB RESOLUTION REGARDING THE REQUEST OF THE DEPARTMENT OF PUBLIC WORKS AND HIGHWAYS (DPWH) ON THEIR CY 2023 PROJECT IMPLEMENTATION 23EB0097- CONSTRUCTION OF 1STY 2CL, NAYONG KALIKASAN ELEMENTARY SCHOOL, BRGY. POYPOY, CALINTAAN, OCCIDENTAL MINDORO**

Respectfully submitted herewith the PAMB resolution regarding the request of Department of Public Works and Highways (DPWH) on their CY 2023 project implementation 23EB0097-Construction of 1STY 2CL, Nayong Kalikasan Elementary School, Brgy. Poypoy, Calintaan, Occidental Mindoro with a title "Kapasyahan Blg. 2023-13, Serye 2023 "Kapasyahang nagbibigay ng pagsang-ayon sa pagpapatayo ng 1STY 2CL sa Nayong Kalikasan Elementary School, sa implementasyon ng DPWH at pagbibigay karapatan sa CENRO San Jose sa pagbibigay ng cutting permit para sa apat (4) na punong maaapektuhan ng pagpapatayo ng gusali."

Attached also here the part of the minutes during the discussion on the presentation of their project.

For your information, record and approval.

DENR-PENRO MAMBURAO
RECORDS
RECEIVED
BY:
DATE: 12-01-2023
TIME:

**HECTOR S. ARAGONES, JR.**

HALAW MULA SA KATITIKAN NG IKA-APAT NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG MIBNP-PAMB NA GINANAP NOONG IKA-21 NG NOBYEMBRE TAONG 2023 SA PAMAMAGITAN NG VIRTUAL CONFERENCE AT HARAPANG PAGPUPULONG SA AROMA FAMILY HOTEL AND RESORT COMPLEX, SAN JOSE, OCCIDENTAL MINDORO

**KAPASIYAHAN BLG. 2023-13, SERYE NG 2023**
*(RESOLUTION NO. 2023-13, SERIES OF 2023)*

**KAPASYAHANG NAGBIBIGAY NG PAGSANG-AYON SA PAGPAPATAYO NG 1STY 2CL SA NAYONG KALIKASAN ELEMENTARY SCHOOL, SA IMPLEMENTASYON NG DPWH AT PAGBIBIGAY KARAPATAN SA CENRO SAN JOSE SA PAGBIBIGAY NG CUTTING PERMIT PARA SA APAT (4) NA PUNONG ACACIA NA MAAAPEKTUHAN NG PAGPAPATAYO NG GUSALI.**

SAPAGKAT, inilahad ni Engr. Ma. Allysa Obrador, mula sa Planning and Design Section ng DPWH ang kanilang proyekto na may appropriation na limang milyong piso (5,000,000.00) sa ilalim ng Basic Educational Facilities Fund CY 2023 na ang implementasyon ay sa DPWH at ang pondo ay kailangan magagamit hanggang ika-31 ng Disyembre taong 2023.

SAPAGKAT, base sa kanilang isinagawang survey, mayroong mga punong maaapektuhan sa pagpapagawa ng gusali na siyang hinihingan nila ng sertipikasyon ng pagpapayag sa PAMB.

SAPAGKAT, ibinahagi din ang mga dokumento na nakuha nila para sa proyekto tulad ng sertipikasyon ng pagpayag mula sa Techear-in-Charge ng eskwelahan para sa mga punong mapuputol, Barangay LGU, MENRO Calintaan na nilagdaan ng Municipal Mayor, Hon. Dante Esteban, at ang report ng isinagawang imbentaryo ng mga punong mapuputol ng CENRO San Jose.

SAPAGKAT, matibay na imonosyon ni Hon. Freddie Aglipay, Punong Barangay ng Poypoy, Calintaan, Occidental Mindoro ang pagpapagawa ng dalawang (2) gusali ngunit hindi ang pagpapaputol ng mga punong maaapektuhan na pinangalawahan ni MENRO Robert Duquil, mula sa LGU Sablayan.

SAPAGKAT, ang proyekto ay nasa multiple use zone at pinapayagan naman ang mga ganitong proyekto. Hindi na din maaari pang dugtungan pa ang proyekto dahil ang area na kasunod nito ay kalsada. Nakapagbigay na din sila sa opisina ng CENRO San Jose ng 400 seedlings ng Narra kapalit ng mga punong mapuputol.

SAPAGKAT, ang DPWH ay nasa proseso na ng pagkuha ng CNC para sa pagpapaputol ng mga puno ngunit, kailangan nilang kumuha ng sertipikasyon ng pagpayag mula sa PAMB.

SAPAGKAT, mayroon ng CNC mula sa EMB ang para sa pagpapagawa ng gusali, ngunit hiningian sila ng PAMB ng Initial Environmental Examination (IEE) o Environmental Compliance Certificate (ECC) dahil ang proyekto ay nasa loob ng pinangangalagaang pook at anumang konstraksyon na isasagawa dito ay kailangan magkaroon ng ECC base sa sinasabi ng batas sa Section 12 ng ENIPAS ngunit kailangan muna nilang magkaroon ng PAMB clearance.

SAPAGKAT, ipinahayag din ni G. Allan Lumawig, representante mula sa mga katutubo sa Tribong Tau-buid, ang kanyang rekomendasyon na pagpasa ng resolusyon na mabigyan ng ECC ang DPWH dahil ang lugar naman na pagtatayuan ng gusali ay nasa multiple use zone, mayroong sertipikasyon ng pagpayag mula sa barangay at munispyo, at makikita ang kagustuhan ng Teacher-in-Charge na maitayo ang gusali para sa pagpapaunlad ng kaalaman ng bata at ng susunod pang henerasyon.

SAPAGKAT, nagkaroon ng mosyon na hatiin ang bahay (division of the house) ukol sa pagpapasa ng resolusyon na bigyan ng karapatan ang CENRO San Jose na magbigay ng cutting permit sa apat (4) na punong Acacia na maaapektuhan sa pagpapatayo ng dalawang (2) classroom. Ito ay nakakuha ng pitong (7) boto sa mga miyembro ng PAMB na may

kapangyarihang bumoto, at dalawa (2) para sa hindi pumapayag habang ang ibang miyembro ay hindi nagpahayag ng pagboto o walang kapangyarihang bumoto.

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO,** pagkaraang mapagnilay-nilayan sa pamamagitan ng deliberasyon at pagbobotohan ay napagkasunduan ayon sa mosyon ni Hon. Freddie Aglipay, Punong Barangay ng Poypoy, Calintaan, Occidental Mindoro na pinangalawahan ni MENRO Robert Duquil, ang pagpayag sa pagpapatayo ng 1STY 2CL sa Nayong Kalikasan Elementary School at ang naging resulta ng naging botohan na magpasa ng resolusyon na bigyan ng karapatan ang CENRO San Jose na magbigay ng cutting permit sa apat (4) na punong maaapektuhan ng pagpapatayo ng gusali.

**PINAGTIBAY, AT SA NGAYON NGA'Y PINAGTITIBAY**, ng Mounts Iglit-Baco Natural Park-Protected Area Management Board, ang KAPASYAHANG NAGBIBIGAY NG PAGSANG-AYON SA PAGPAPATAYO NG 1STY 2CL SA NAYONG KALIKASAN ELEMENTARY SCHOOL, SA IMPLEMENTASYON NG DPWH AT PAGBIBIGAY KARAPATAN SA CENRO SAN JOSE SA PAGBIBIGAY NG CUTTING PERMIT PARA SA APAT (4) NA PUNONG MAAAPEKTUHAN NG PAGPAPATAYO NG GUSALI.

**NAPAGPASIYAHAN DIN,** na kailangan nilang kumuha at magsumite ng Initial Environmental Examination (IEE) o Environmental Compliance Certificate (ECC) bago ang pagsisimula ng proyekto.

**KAYA PINAGTIBAY,** ngayong ika-21 ng Nobyembre taong 2023, sa pamamagitan ng kombinasyon ng virtual conference via Zoom Application at harapang pagpupulong sa bayan ng San Jose, Occidental Mindoro.

---

Inihanda ni:

**MICHELLE R. GARCIA**
*Kasaping Tagatala ng PAMB*
Admin Assistant
Mts. Iglit-Baco Natural Park

Sinuri at pinatutunayang wasto:

**HECTOR S. ARAGONES JR.**
*Punong Tagatala ng PAMB*
Forester III/PASu
Mts. Iglit-Baco Natural Park

Pinatotohanang ito ay pinagtibay:

**REDANTE D. DIWA**
*Punong Tagapatnugot*
Private Sector
Pag-asa, San Jose, Occidental Mindoro

Pinagtibay:

**FELIX S. MIRASOL, JR., CESO IV**
*Ang Punong Lupon ng PAMB*
The Regional Executive Director
DENR MIMAROPA Region

**5. Presentayon ng kahilingan ng DPWH para sa sertipikasyon ng pagpayag na maputol ang mga punong maaapektuhan sa implementasyon ng CY 2023 Projects 23EB0097-Construction of 1STY 2 CL, Nayong Kalikasan ES, Calintaan, Occidental Mindoro.**

Ipiniresenta ni Engr. Ma. Allysa Obrador, mula sa Planning and Design Section ng DPWH, ang kanilang proyektong pagpapagawa ng 1STY 2CL sa Nayong Kalikasan Elementary School, Calintaan, Occidental Mindoro. Ito ay may appropriation na limang milyong piso (5,000,000.00) sa ilalim ng Basic Educational Facilities Fund CY 2023. Ang pondo ang galing sa DepEd at DPWH ang implementasyon ay sa DPWH. Ipinakita niya ang perspective at floor plan ng gusali na nakabase din sa standard na desinyo ng DepEd. Bawat classroom ay mayroong sukat na 7mx9m na may konkretong daanan sa labas at palikuran. Ang total floor area ay nasa 154 $m^2$. Sa kanilang site development plan, ipinakita niya ang naging resulta ng kanilang isinagawang survey kung saan ang lokasyon ng itatayong gusali. Makikita dito na mayroong mga punong maaapektuhan sa pagpapagawa ng gusali na nasa nasasakupan ng pinangangalagaang pook kaya humuhiling sila ng sertipikasyon ng pagpapayag sa PAMB sa pagpapaputol ng mga punong ito at dahil nga sloppy ang lugar ay kailangan din nila maglalagay ng embankment. Ibinahagi niya ang mga dokumneto na nakuha na nila para sa proyekto tulad ng sertipikasyon mula sa school na pinapayagan sila na putulin ang puno, lumapit na din sila sa Barangay, at sertipikasyon mula sa MENRO ng Calintaan na nilagdaan din ni Mayor Dante Esteban. Ipakita din ang evaluation report ng DENR para sa pag-aplay nila ng cutting permit na ang naging remarks ay kailangan nila mag-attached ng report ng CENRO para sa imbentaryo ng mga puno at clearance ng PAMB. Sa report ng imbentaryo ng CENRO ay mayroong apat (4) na puno na matatamaan na may diameter na 90 cm, 35 cm, 75 cm, at 60 cm. Sa ngayon ang kailangan na lang nila ay sertipikasyon mula sa PAMB para maisagawa ang proyekto. Tinanung ni G. Santos kung anu ang gagawin sa timber. Ipinaliwanag ng Tagapangulo na base sa batas, kung ito ay hindi sakop ng pinangangalagaang pook ito ay isu-surrender sa pinakamalapit na opisina ng DENR, pero dahil ito ay nasa pinangangalagaang pook ito ay mapupunta sa PAMO. Maaari din itong i-request mismo ng eskwelahan upang magamit nila.

Nagbigay din ng pahayag si Bb. Roshyrelle Batolio, Teacher-in-Charge ng Nayong Kalikasan Elementary School, na nag-request sila kasama ang kanyang Facilities Coordinator, G. Eric Ordo, na makadalo sa pagpupulong dahil Agosto pa lamang ay dapat masisimulan na ang pagpapatayo ng gusali ngunit naantala dahil sa mga puno. Sila din ay nakapagsumite na ng request sa DENR CENRO San Jose para sa mga kahoy ng punong mapuputol upang gamitin sa mga furnitures ng eskwelahan. Nilinaw ni PASu Aragones na ang disposal ng mga kahoy ay sa CENRO na dahil sila ang magbibigay ng cutting permit gayundin sa deed of donation para sa kanila.

Matibay na ipinahayag ni Hon. Aglipay ang kanyang mosyon para sa pagpapagawa ng dalawang (2) classroom pero hindi sa pagpapaputol ng mga puno. Ito ay pinangalawahan ni MENRO Duquil. Ibinahagi ni Hon. Aglipay ang kanyang dahilan ukol sa kanyang pagtutol sa pagpapaputol ng mga puno. Sinabi ni Engr. Obrador na pwede nilang palitan ang orientation kung papayag ang Principal. Pinaliwang ni G. Ordo na lahat ng site na maaaring pagtayuan ng gusali sa loob ng eskwelahan ay kanila ng na-inspeksyon at ang lugar na pinakaligtas at angkop ay ang lugar na kanilang inilalapit na kailangan lamang maputol ang ilang mga puno. Tinanung ni Bb. Diamante kung ang proyekto ba ay mayroon ng ECC, anung zoning ng area, mayroon bang site development plan dahil baka sa susunod at madugtungan pa ang proyekto, at hindi ba ito pwedeng ilagay sa angulo na walang punong matatamaan. Sinabi ni Engr. Obrador na nasa proseso na sila ng CNC pero hindi pa sila makakuha dahil kailangan nila ng clearance sa PAMB. Ang zoning ng lugar ay nasa multiple use zone at hindi na madudugtungan pa ang proyekto dahil kalsada na ang kalapit na area nito. Nilinaw ni PASu Aragones na mayroong memorandum na lahat ng construction sa loob ng pinangangalagaang pook ay kinakailangan na kumuha ng ECC. Sinabi ng Tagapangulo na kapag mga ganitong proyekto ay maaring CNC o Initial Environmental Examination (IEE) dahil ang nangangailangan ng full-blown ECC ay mga mabibigat na proyekto tulad ng power plant. Sa kasalukuyan ay CNC ang kanilang ipinoproseso

pero hindi ito papasa sa PAMB kaya sinuhestiyon ng tagapangulo na i-verify kung anu talaga ang kailangan dito. Sinabi ni PASu Aragones na CNC ang pinoproseso nila dahil cutting permit lang ang inaaplayan nila pero kung makikita ng EMB na magsasagawa sila ng construction ay ire-required din sila nito ng ECC. Sinabi naman ni Engr. Obrador na nabigyan na sila ng EMB ng CNC para sa construction ng building. Hiniling ni PASu Aragones na bigyan ng kopya ang PAMO.

Nagkaroon naman ng paglilinaw si APASu Neil Anthony del Mundo ukol sa inilalapit ng DPWH na ang hinihingian lamang nila ng pag-apruba sa PAMB ay sertipikasyon para sa cutting permit at hindi pa ang pagpapatayo ng gusali. Sinabi ng tagapangulo na nagkaroon na ng mosyon para sa pagpapatayo at pinag-uusapan pa ang para sa pagpapaputol ng puno. Nagbigay din ng pahayag si G. Santos na ang akasya ay hindi naman endemic sa Pilipinas at kung titingnan ang puno ay malaki na pero hindi pa naman 50 years old kaya hindi pa din siya sakop ng Heritage Act at para sakanya ay dapat na putulin ito at palitan ng mga punong endemic. Sinabi ni Engr. Obrador na ang 400 seedlings na kapalit ng apat na punong mapuputol ay Narra. Sinuhestiyon ni MENRO Duquil na sa mga punong pamalit ay dapat hindi lang Narra kundi samahan din ng mga fast growing trees. Nagbigay din ng paliwanag si Engr. Johnny Usi, mula sa DPWH, na lahat ng proyekto nila ng CY 2023 ay dapat ma-accomplish nila dahil baka masayang ang pondo kaya sinuhestiyon niya na habang pinoproseso nila ang kanilang ECC ay makapagsimula sila para may mai-report sila na accomplishment. Base naman sa gustong mangyari ni Hon. Aglipay na iwasan ang puno, sinabi niya na dapat ay may agwat sa 3 metro sa puno dahil ang makakasira sa gusali ay ang ugat ng nito maging ang mga sanga nito kapag tumanda na ay madaling mabali na maaring makapinsala sa gusali at mga estudyante. Sinabi ni PASu Aragones na sa pagbibigay ng cutting permit, na kapag na-aprubahan ng PAMB ang kahilingan ay gagawan agad ito ng resolusyon at ibibigay sa CENRO para mabigyan sila ng cutting permit pero ang pagsisimula ng walang ECC ay hindi siya pabor dahil marami silang proyekto sa loob ng pinangangalagaang pook at iba pang infra projects na walang clearance sa PAMB at baka ito pa lamang ang magkakaroon kung aaprubahan basta maisumite lamang ang mga hinihingi na requirements tulad ng CNC kung ito ang ibinigay ng EMB para sa construction, pero tumututol siya sa pagsisimula ng kanilang proyekto kung hindi pa kompleto ang requirements dahil hanggang ngayon ay mayroon pang proyekto ang DPWH sa loob ng pinangangalagaang pook na wala pang requirements na ibinibigay sa PAMO.

Upang makausad sa usapin, hiniling ni G. Elemer Ruedas, mula sa OMSC, na hatiin ang bahay (division of the house). Iminosyon ni Hon. Aglipay ang pagapruba sa pagpapatayo ng mga gusali sa oras na makompleto at maisumite ang mga hinihinging requirements. Base sa CNC na nakuha ng DPWH para sa pagpapatayo ng gusali ay nagkaroon ng komento si Forester Jan Lloyd Balon, mula sa BD Cor Project, na hindi ito ang unang pagkakataon na nagkaroon ng ganitong pag-uusap kaya sinuhestiyon niya na sundin na lang ang polisiya na ang nire-require ay ECC pero kailangan muna nito ng PAMB clearance bago ang ECC base sa Section 12 ng ENIPAS. Sinabi ni G. Lumawig na ang area naman ng pagtatayuan ay multiple use zone, ang punong mapuputol ay hindi naman endemic, ang 100 seedlings na kapalit kada puno ay naibigay din, at ang lahat ng mga pakikipag-ugnayan mula sa LGU ay nagawa din na maging ang TIC ng eskwelahan ay nasa pagpupulong upang ipakita ang kagustuhan nila na maipatayo ang proyekto na ito at para din ito sa ika-uunlad ng kaalaman ng mga batang henerasyon. Inirekomenda niya na magpasa ng resolusyon na mabigyan sila ng ECC.

Nagkaroon ng pagbobotohan base sa naging mosyon ni G. Ruedas na hatiin ang bahay. Para sa mga pabor na magbigay ng resolusyon ang PAMB na bigyan ng karapatan ang CENRO na magbigay ng cutting permit sa apat na puno na maaapektuhan sa pagpapatayo ng dalawang (2) classroom ng DPWH para sa DepEd ay nakakuha ng pitong (7) boto mula sa nga opisyal na miyembro ng PAMB. Nagpahayag ng paglilinaw si Bb. Diamante kung mayroon bang mga initial requirements ang komite na ibinigay sa DPWH bago magbigay ng resolusyon na inaaprubahan ang konsepto ng pagpapatayo ng gusali sa loob ng eskwelahan dahil ang pagpapaputol ng puno ay isa sa mga gagawin bago maitayo ang gusali kaya hiniling niya na huwag munang putulin ang puno hanggat walang ECC. Sinabi niya na sinusugan niya ang

pag-apruba sa konsepto ng pagpapatayo ng gusali para makakuha sila ng ECC at kapag nakakuha na ay kailangan pa nilang iprisenta ulit ito sa PAMB para sa pag-apruba ng construction ng gusali at maputol ang mga punong maaapektuhan. Ipinaliwanag naman ng tagapangulo ang mga naging pag-uusap bago ipinagpatuloy ang paghahati ng bahay (division of the house). Para sa mga hindi pabor na magbigay ng resolusyon ang PAMB na bigyan ng karapatan ang CENRO na magbigay ng cutting permit sa apat na puno na maaapektuhan sa pagpapatayo ng dalawang (2) classroom ng DPWH para sa DepEd ay nakakuha ng tatlong (3) boto mula sa nga opisyal na miyembro ng PAMB.

*Ang kapulungan ay malugod na nagpasa ng resolusyon na inirerekomenda ang CENRO San Jose na magbigay ng cutting permit sa apat (4) na puno ng akasya na maaapektuhan ng pagpapatayo ng 1STY 2 CL building sa Nayong Kalikasan ES, Brgy. Poypoy, Calintaan, Occ. Mindoro.*